# RODA TAJON

Katuwang na propesor sa Faculty of Information and Communication Studies, UP Open University si Roda Tajon. Nagtuturo siya ng mga kurso sa teorya ng multimedia, kulturang popular, at araling kasarian. Noong 2023, nagwagi siya ng Gawad SWF - Pinakamahusay na Sanaysay. Kasalukuyan siyang kumukuha ng kursong gradwado sa Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman.

Maaari siyang makontak sa rltajon@up.edu.ph

# BIGBIGENNAK

Saannak a nakakaskasdaaw a sabong
A nabirokam iti sidong ti kakayuan
Idi mapukpukawka ken idi agsarungkarka
Iti pagnaan tapno makaruar iti nalisunek a dalan.

Adda ti nagan, pakabigbigam
Maysaak nga orkidia a nakabitin iti puon
Sangagasut a tawen a naulimek nga agbibiag
Ken mangay-aywan ti kinatalna
Dagiti bambantay. Sibibiagak ken makarikna

Iti nabara nga angin iti aldaw
Iti nasimbeng a panagpayakpak dagiti kulibangbang
Ken iti panagkeppet ti bainbain.

Ania’n nga iti naidumduma iti nakairuaman
Ken ibilang a nakakaskasdaaw?
Naukit ti naganko iti puon
Inikkat dagiti gangganaet.
Awan ti ilimlimedko a salamangka, mabalinnak

A palikmutan, dagiti amin a paset ti bagik
No dayta ti kayatmo. Iyam-ammok ti kinabanglo
iti angin, iti kinapintas
dagiti silnag ti init a mangbuybuya kadatayo,

iti panagsaragasag no agsagid dagiti ramaytayo.

Bigbigennak, agur-uray a sabong
A matakuatan dagiti mata ken riknam
Ngem dinak koma pisien
Tapno pagragsakam wenno iwaen
No adda sumsumrom, amangan no mayallatiw kenka
Ti bulok a makasabidong.

# KILALANIN AKO

Hindi ako kakat'wang bulaklak
Na nahanap sa lilim ng kagubatan
Habang naliligaw at naghahanap
Ng daang palabas sa masukal na landas.

May ngalan, pagkakakilanlan,
Isang dapong nakalaylay sa punong
Dantaon nang tahimik na namumuhay
At nangangalaga sa kapayapaan

Ng kabundukan. Buhay ako't nadarama
Sa maalinsangang hangin sa katanghaliang tapat,
sa matimtimang pagpagaspas ng paruparo,
maging sa pagtiklop ng mga makahiya.

Ano't ang naiiba sa nakasanayan
Ibinibilang na kakat'wa?
Nakaukit ang aking ngalan sa puno,
tinuklap lamang ng banyagang mananalakay

Walang hiwagang inililihim, at maaaring
Galugarin ang bawat bahagi kung kapuwa
Nanaisin. Ipakikilala ko sa iyo ang bango
Sa bawat ihip ng hangin, ang kariktan

Sa mga sinag ng araw na nakatunghay,
Ang andap sa daplis ng iyong mga daliri.
Kilalanin ako, halamang naghihintay
Na matuklasan ng mata at pandama.

Huwag lamang akong pipitasin
Upang ika'y maaliw, o titigpasin tuwing
Naliligalig, bakâ sa iyo maisalin
Ang búlo kong nakalalason.